Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

## TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG NOBYEMBRE 23, 2009, ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-9:30 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang ALAN T. PAMATMAT | ..... | PANGALAWANG PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kagalang-galang Louie C. de Leon | ..... | Kagawad |
| *Kagalang-galang Ramon D. Tan* | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Jun M. Asinas | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Romulo A. Elca | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | ..... | Kagawad |
| *Kagalang-galang Oscar F. Feliciano* | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Isagani R. Malapaya | ..... | Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Roselon F. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| *Kagalang-galang Angelito U. Limjuco* | ..... | *Kagawad* |
| Kagalang-galang John Carlos C. delos Reyes | .... | Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan |

**KAPASIYAHAN BLG. 205-T2009**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAHILINGAN NI GNG. MARITA SANTOS, PANGKALAHATANG TAGAPAMAHALA, ARGEM SPORTS COLISEUM, BARANGAY BUBUKAL NG BAYANG ITO, NA MAKAPAGDAOS NG PASABONG (ONE-COCK ULUTAN) SI G. RENE SANTOS SA DISYEMBRE 10, 2009.**

**SAPAGKA'T,** *iniharap* at tinalakay ng sangguniang ito ang kahilingan ni Gng. Marita Santos na makapagdaos ng pasabong ( one – cock ulutan) si G. Rene Santos sa Argem Sports Coliseum sa Disyembre 10, 2009;

**SAPAGKA'T,** matapos na ito ay matalakay at malaman na ang bahagi ng kikitain ay ilalaan para sa kawanggawa ay ipinasya ng Lupon sa Palaro at Libangan na irekomendang pagtibayin na ito.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kagalang-galang Kagawad Oscar F. Feliciano (Pang. Tagapamuno ng Lupon sa Libangan), na pinangalawahan ng mga Kagalang-galang Kagawad Isagani R. Malapaya at Louie C. de Leon at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Pagtibayin ang kahilingan ni Gng. Marita Santos, Pangkalahatang Tagapamahala, Argem Sports Coliseum, Brgy. Bubukal ng bayang ito, na makapagdaos ng pasabong (one-cock ulutan ) si G. Rene Santos sa Disyembre 10, 2009.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Tanggapan ng Paglilisensya at Permiso, Kagawaran ng Pulisya at *Pangkalahatang Tagapamahala ng Argem Sports Coliseum, lahat sa bayang ito, para sa kanilang* kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**JEANETTE P. ALFONSO**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

**ALAN T. PAMATMAT**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**ARIEL T. MAGCALAS**
Punong Bayan

Republic of the Philippines
Province of Laguna
**MUNICIPALITY OF SANTA CRUZ**
Cailles Street, Poblacion III, Santa Cruz, Laguna
Telephone Number - (049) 808-1008

## OFFICE OF THE MAYOR

January 20, 2010

OFFICE OF THE SANG. BAYAN
Santa Cruz, Laguna
Received by:
SOLEDAD ... ARDINO
Records ...
1-20-10
Date/Time

**HONORABLE MEMBERS**
**SANGGUNIANG BAYAN**
Municipality of Santa Cruz
Province of Laguna

**Thru: HON. ALAN T. PAMATMAT**
Vice Mayor and Presiding Officer

**Attn: JEANETTE P. ALFONSO**
Sangguniang Bayan Secretary

**Re: LETTER DATED JANUARY 19, 2010 CONCERNING KAPASIYAHAN BLG. 206,207,208,209,213,214 and 215.**

**Lady and Gentlemen,**

Article III, Section 6, 6.4 of Kapasiyahan Blg. 165 T'2007 and Kautusang Bayan Blg. 19 T'2007 states that:

> *"Sa ibang pagkakataon, ang may-ari o tagapamahala ng sabungan ay makikipag-ugnayan at hihingi ng "special permit" sa Sang. Bayan sa pamamagitan ng* ***kapasiyahan****....."*

In this connection, please be informed that what was passed by the Sangguniang Bayan **was a resolution (*"kapasiyahan"*) and not an ordinance.**

Hence, matters stated under your letter dated January 19, 2010 is not applicable in the issue at hand.

For your information.

Yours,

**ARIEL T. MAGCALAS**
**Municipal Mayor**

SANGGUNIANG BAYAN
RECORDED
BY
DATE
STA. CRUZ, LAGUNA

CC: Engr. DARRYL M. ALAGON
Municipal Administrator

File

Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
BAYAN NG SANTA CRUZ

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

Ikalawang Pagliliwat
Enero 19, 2010

Magalang na ibinabalik sa Tanggapan ng Kagalang-galang Punong Bayan ang nakalakip na mga Kapasiyahan Blg. 206, 207, 208, 209 at 213, 214, 215 – T2009 dahilan sa ang mga ito ay napaliwat sa inyong tanggapan noong Disyembre 8, 2009 at Disyembre 15, 2009 para sa inyong paglagda at pagpapatibay. Kaugnay nito, itinatakda ng Art. 108 – ng Rules and Regulations Implementing the Local Government Code of 1991 – Approval of Ordinances – na:

a. "Every ordinance enacted by the sanggunian shall be presented to the Local Chief Executive. If the Local Chief Executive concerned approves the same, he shall affix his signature . . . otherwise he shall veto it and return the same with his objections to the sanggunian.

b. The veto shall be communicated by the Local Chief Executive concerned to the sanggunian within fifteen (15) days . . . and ten (10) days . . . in the case of a city or a municipality; otherwise, the ordinance shall be deemed approved as if he had signed it".

*Para po sa inyong kabatiran*

Salamat po.

SA PAG-AATAS NG KGG.
PANG. PUNONG BAYAN

Jeanette P. Alfonso
**JEANETTE P. ALFONSO**
Kalihim

Binigyang-pansin:
Alan T. Pamatmat
**ALAN T. PAMATMAT**
Pang. Punong Bayan

OFFICE OF THE MAYOR
RECEIVED
DATE: 1-19-10 10:43 a.m.
BY:
STA. CRUZ, LAGUNA

Republic of the Philippines
Province of Laguna
**MUNICIPALITY OF SANTA CRUZ**
Cailles Street, Poblacion III, Santa Cruz, Laguna
Telephone Number - (049) 501-1008

## TANGGAPAN NG PUNONG BAYAN

**Unang Pagliliwat**
Ika- 14 ng Enero 2010

1-14-10

Mapitagang ibinabalik sa **Kgg. SANGGUNIANG BAYAN** sa pamamagitan ni **Gng. JEANETTE P. ALFONSO**, *Kalihim,* ang mga sumusunod na **Kapasiyahan Blg. 206, 207, 208, 209, 213, 214 and 215-T'2009** na walang lagda dahilan sa mga sumusunod:

1. Na malinaw na isinasaad ng Kapasiyahan Blg 165-T' 2007, Kautusang Bayan Blg. 19 T'2007, na bago ang pagpapasabong, kinakailangan ang isang special permit, sa pamamagitan ng isang <u>kapasiyahan</u> **AT** ang mga kaukulang bayarin ay dapat na bayaran sa Tanggapan ng Pambayang Ingat-Yaman;

2. Na bagama't nagbayad ang ARGEM Sports Coliseum ng mga kaukulang bayarin, sila ay makailang ulit na nagpasabong ng walang special permit;

3. Na sa paniniwala ng nasabing sports coliseum, hindi na kinakailangan pa ang isang kapasiyahan bago magpasabong sapagkat sila ay bayad na;

4. Na sa kabila ng makailang ulit na paalala na makipag-ugnayan sa aming Tanggapan upang maipaliwanag ang mga kinakailangan bago ang pagpapasabong ay makailang ulit pa ding nagpasabong ang nasabing sports coliseum kahit na wala pang special permit;

5. Na ito ay malinaw na paglabag sa nasabing ordinansa at malinaw na pagwawalang bahala sa isang resolusyon na ipinasa ng Sangguniang Bayan at pinagtibay ng Punumbayan;

6. Na hanggang sa kasalukuyan ay hindi pa nakikipag-ugnayan ang namamahala ng nasabing sabungan upang talakayin ang nasabing usapin.

Para sa inyong kabatiran at kaukulang hakbang

**ARIEL T. MAGCALAS**
Punong Bayan